
12

# Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang Akademik Kwarter 1 – Modyul 1

## Ang Kahalagahan ng Pagsusulat at ang Akademikong Pagsulat





PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang**
**(Akademik) Filipino – Ikalabing-dalawang**
**Baitang Alternative Delivery Mode**
**Kuwarter 1 -Modyul 1: Ang Kahalagahan ng Pagsusulat at Ang Akademikong Pagsulat**
**Unang Edisyon 2020**

Isinasaad ng Batas Repblika 8293, seksyon 176 na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda angPamahalaan ng Pilipinas.Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga hiniram na materyales ( awit, kuwento, tula larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.

Pinagsikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng mga materyales o mga kagamitang pampagtuturo na nasa online o sa mga aklat at iba pa . Hindi inangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang pagmamay-ari ng mga ito.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Cagayan de Oro
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Dr. Cherry Mae L. Limbaco, CESO V

**Mga Bumubuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

Manunulat: Teresa P. Mingo,PhD
Mga Tagasuri: Anita M. Gomez, PSDS
Maria Dulce Cuerquiz, MT Mga Tagaguhit at Nag-layout : Mr. Ryan Roa
Ms. Mary Sieras
Mr. Allan GuiboneMrs. Alma Sheila Alorro

Mga Tagapangasiwa
Tagapangulo:Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III
Panrehiyong Direktor

Pangalawang Tagapangulo: Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V
Pumapangalawang Panrehiyong Direktor

Cherry Mae L. Limbaco, PhD, CESO V
Tagapamanihala

Alicia E. Anghay, PhD, CESE
Pumapangalawang Tagapamanihala

Mala Epra B. Magnaong, Hepe ES, CLMD Mga Miyembro:Lorebina C. Carrasco, OIC-CID Chief
Sol P. Aceron, Ph.D, EPS-Filipino Brenda P. Galarpe, SSP- 1 Marisa D. Cayetuna, P-1
n T. Batallones, MAFIL Leonor C. Reyes, MAEDFIL Joel D. Potane, LRMS Manager Lanie O. Signo, Librarian II Gemma Pajayon, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Cagayan de Oro
Office Address: Fr. William F. Masterson Ave Upper Balulang Cagayan de Oro
Telephone Nos.: (08822)855-0048
E-mail Address: cagayandeoro.city@deped.gov.ph

12

# Pagsulat sa Piling Larang sa Akademik Kuwarter 1 - Modyul 1

## Ang Kahalahagan ng Pagsusulat at Ang Akademikong Pagsulat

kador mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag

**Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.**

# Talaan ng Nilalaman


Para Saan Ang Modyul na Ito.......................................................................................vi

Ano Ang Inaasahan Mo .........................................................................................

Paano Mo Matutunan...............................................................................................vii

Mga Icon ng Modyul................................................................................................vii

Ano Ang Nalalaman Mo..........................................................................................viii

**Aralin 1: Katuturan ,Layunin at Kahalagahan ng Pagsulat**

Alamin.............................................................................................1

Subukin: Pagsusuri sa Pahayag ……………………………………………

Balikan: Pagsulat..............................................................................2

Tuklasin: Pagsusulat .........................................................................

Katuturan,Layunin at Kahalagahan Pagsulat..................................3

Suriin: Pagsagot sa Katanungan..........................................................4

Pagyamanin : Pagtukoy sa akademikong Sulatin ......................................

Isaisip: Paghahambing sa Layunin ng Pagsulat.......................................5

Isagawa: Pagbuo ng Islogan ...................................................................

Tayahin : Pagpapatunay kasagutan........................................................6

Karagdagang Gawain:Pagtatalata..........................................................7

**Aralin 2: Gamit at Uri ng Pagsulat**

Alamin.............................................................................................9

Subukin: Gamit at Uri ng Pagsulat …………………………………………

Balikan:Paglalarawan(Obhetibo at Subhetibo)........................................10

Tuklasin: Gamit at Uri ng pagsulat.........................................................11

Suriin: Paglalahad ng Teksto.................................................................12

Pagyamanin : Pagsunod sa Panuto........................................................14

Isaisip: Pagpupuno ng Salita/Parirala…………………………………….

Isagawa: Pagsulat ng Tekstong Impormatibo...........................................15

Tayahin : Pagsusuri sa Pamamaraan ng Pagsulat Ayon sa Layunin...........16

Karagdagang Gawain: Panimulang Pananaliksik sa
Mga Uri ng Paglalagom.......................................17

**Aralin 3 : Akademikong Pagsulat**


Alamin......................................................................................................19

Subukin: Katangian ng Akdemiko at Di – Akademikong Pagsulat…………..

Balikan:Pagtukoy sa mga Gawain sa Ibat ibang Lugar..............................21

Tuklasin: Akademikong Sulatin .................................................................

Suriin:Pagsagot sa mga Tanong...............................................................24

Pagyamanin: Paggawa ng Glosaryo .........................................................

Isaisip: Akrostik.........................................................................................25

Isagawa:Pagbuo ng Video,Tarpaulen at Drowing ......................................

Tayahin : Pagpapaliwanag at Pagtukoy sa Akademikong Sulatin...............26

Karagdagang Gawain: Pagpipili at Pagpapaliwanag…………………………

Lagom.......................................................................................................................27

Tayahin (Pangwakas na Pagtataya)......................................................................28

Susi sa Pagwawasto...........................................................................................29

Mga Sanggunian...................................................................................................32

# Para Saan ang Modyul Na Ito

Ang modyul na ito ay tungkol sa Kahalagahan ng Pagsusulat at Ang Akademikong Pagsulat na inihanda para sa pag-aaral ng Filipino sa unang semestre ng ikalabindalawang baitang. Ito ay naglalayong sanayin ang mga mag-aaral sa pagsulat ng iba't ibang sulating lilinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri at masinop na pagsusulat sa piniling larangan.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga katuturan ,layunin, ,kahalagahan ,uri at gamit ng pagsusulat at ng iba't ibang katangian at uri ng akademikong sulatin. Hahasain ka sa pagsusulat ng iba't ibang akademikong sulatin sa pamamagitan ng maayos na pagsunod sa mga panuntunan upang matamo ang mga kasanayang hinahangad.

Ang mga paksa,babasahin,gawain at mga pagsasanay ay sadyang iniaangkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral upang ang pagkatuto ay maging makabuluhan , napapanahon, kawili-wili ,nakalilinang ng kritikal at mapanuring na pag-iisip .

Ang modyul na ito ay may tatlong aralin:

Aralin 1 : Katuturan,Layunin at Kahalagahan ng Pagsulat
Aralin 2 : Gamit at Uri ng Pagsulat
Aralin 3 : Ang Akademikong Pagsulat



## Ano ang Inaasahan Mo

Inaasahang pagkatapos ng modyul na ito ang mga mag-aaral ay:

1.Nabibigyang-kahulugan ang akademikong pagsulat. **CS_FA11/12PB-0a-c-101**

**2.** Nakikilala ang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa: (a) Layunin (b) Gamit **(c)** Katangian (d) Anyo. **CS_FA11/12PN-0a-c-90**

**3.** Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko. **CS_FA11/12EP-0a-c-39**

**4.**Nakikilala ang mga katangian ng mahusay na sulating akademiko sa pamamagitan ng mga binasang halimbawa. **CS_FA11/12PB-0m-o-102**

# Paano Mo Matutunan

Upang makamit ang mga inaasahan, gawin ang mga sumusunod:

- Magbigay nang malawak at mahabang panahon sa pagbasa , pag-unawa at pagsusuri sa nilalaman ng mga aralin,
- Pag-aralan ang mga aralin nang may pagsisikap at katalinuhan .
- Manaliksik sa iba pang sanggunian sa aklatan at websites ukol sa aralin upang maragdagan ang kaalaman .
- Sundin ang mga panuto at patnubay sa anumang gawain upang makuha ang akma at tumpak na sagot..
- Sagutin ang lahat ng mga gawain o pagsasanay ,pagtataya at pagsusulit .
- Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na sagutang papel.

# Mga Icon ng Modyul

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |


| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.



# Ano ang Nalalaman Mo

**Panimulang Pagtataya**

Alamin natin kung gaano na ang lawak ng iyong kaalaman sa nilalaman ng modyul na ito. Sagutin mo ang lahat ng aytem. Piliin ang letra ng tamang sagot. At isulat ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

C 1. Alin sa mga makrong kasanayang ang hindi *kapangkat;/kasama* na madalas ang isang indibidwal na gumagawa nito ay kumukuha o nagdaragdag ng mga kaalaman sa kanyang isipan.

A. Pakikinig  B.Pagbabasa  C.Panonood  D.Pagsulat

A 2.Ang ibang tawag sa layuning ito ng pagsusulat ay transaksiyonal. Ginagawa ang mga sulating ito taglay ang isang tiyak na layunin at ito ay walang iba kundi ang layuning makipag-ugnayan sa tao o sa lipunan. Alin sa mga halimbawa ang hindi *kapangkat/kasama* ng transakyonal?

A. kwento  B.pananaliksik  C.sulating panteknikal  D.balita

C 3. Isa itong intelektwal na pagsulat . Ang gawaing ito ay nakakatulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larangan. Ayong kay Carmelita Alejo et.al. Layunin nitong ipakita ang resulta sa pagsisiyasat o ng isang ginawang pananaliksik.

A. Malikhain  B.Teknikal  C.Akademiko  D.Reperensyal

C 4. Sulating may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa akademya o paaralan. Sulatin ito hinggil sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao. Halimbawa sa guro , pagsulat ng lesson plan , paggawa at pagsusuri ng kurikulum, para sa doctor o nars – paggawa ng medical report , narrative report tungkol sa physical examination sa pasyente at iba pa.

A. Malikhain  B. Propesyonal  C.Dyornalistik  D. Teknikal

A 5. Ang pagkakaroon ng isang tiyak at maganda na tema ng isusulat ay isang magandang simula dahil dito iikut ang buong sulatin. Kailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksang isusulat upang maging makabuluhan, at wasto ang mga datos na ilalagay sa akda o komposisyong susulatin.

A. Paksa  B Wika  C.Layunin  D.Pamamaraan ng Pagsulat

C 6. Taglay ng manunulat ang kakayahang mag-analisa upang masuri ang mga datos na mahalaga o hindi na impormasyon na ilalapat sa pagsulat. Kailangang makatuwiran ang paghahatol upang makabuo ng malinaw at mabisang pagpapaliwanag at maging obhetibo sa sulating ilalahad.

A. Paksa  B Wika  C.Layunin  D.Kasanayang Pampag-iisip

C pangunahing layunin nito ay magbigay ng bagong impormasyon o kabatiran sa mga mambabasa.

A. Naratibo  B.Ekspresibo  C.Impormatibo  D.Argumentatibo

__D__8. Ang pangunahing pakay ng pagsulat ay maglarawan ng katangian, anyo, hugis ng mga bagay o pangyayari batay sa mga nakikita, naririnig, natunghayan, naranasan at nasaksihan.Ito'y maaaring obhitibo at subhetibo.

A. Argumentatibo B.Naratibo C.Ekspresibo D.Deskriptibo

__A__9. Nililinang dito ang mga kasanayan at natutuhan ang mga kaalamang kaugnay ng larangang pinagkakadulubhasaan . Kasanayan sa pagbasa, pakikinig, pagsasalita, panonood, at pagsulat ang napauunlad sa pagsasagawa ng mga gawain sa larangan. Analisis ,panunuring kritikal , pananaliksik , at eksperimentasyon ang mga isinasagawa rito.

A. opisina B.akademiya C.librari D.entablado

__B__10. Mahalaga ang tunay at pawang katotohanan na mga impormasyon. Iwasan ang mga pahayag na batay sa aking pananaw o ayon sa aming haka-haka o opinyon.

A. Obhetibo C.Maliwanag at Organisado
B. Pormal D.May Paninindigan

C___11. Ito ay isang kasanayang naglulundo ng kaisipan at damdaming nais ipahayag ng tao gamit ang pinakaepektibong midyum ng paghahatid ng mensahe ,ang wika.

A. Pakikinig B.Pagbabasa C.Pagsasalita D.Pagsusulat

_D__12. Ayon sa kanya sa kanyang aklat na *"Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino "(2012)* ,Ang Pagsusulat ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan.

A. Cecilia Austera et.al. C.Dr.Eriberto Astorga Jr.
B. Royo D.Edwin Mabilin et al.

____A13. Sa Ingles ay tinatawag na term paper na karaniwang ginagawa sa kolehiyo. May ilang nasa sekondaryang antas ang maaaring nakaranas na ring makagawa ng ganitong sulatin. Ginagawa ito para sa pangangailangang pang-akademiko.

A. Pamanahong papel C.Konseptong papel
B. Tesis D. Artikulo

_B_14. Ito ay sulating may kinalaman sa pananaliksik at pagtuklas ng isang manunulat. Ginagawa ito ng isang indibidwal bilang pangangailangan sa kursong pinag-aaralan o propesiyonal na kwalipikasyon. Ito ay ginagamit na bahagi ng kursong Batsilyer at Masterado.

A. Pamanahong papel C.Konseptong papel
B. Tesis D. Artikulo

_C__15. Ang paglalarawan kung ang manunulat ay maglalarawan ng napakalinaw at halos madama na ng mambabasa subalit ang paglalarawan ay nakabatay lamang sa kanyang mayamang imahinasyon at hindi nakabatay sa isang katotohanan sa totoong buhay.

A. Obhetibo B. Estruktura C. Subhetibo D.Anyo

| Aralin 1 | Katuturan, Layunin at Kahalagahan ng Pagsulat |
|---|---|
| BAITANG: 12<br>MARKAHAN: Una<br>PANAHONG IGUGUGOL: Unang Linggo | |

# ***Alamin***

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang maisasagawa ng mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Nabibigyang-kahulugan ang pagsusulat at akademikong pagsulat. **CS_FA11/12PB-0a-c-101**

2. Nakikilala ang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa: (a) Layunin (b) Gamit (c) Katangian (d) Anyo. **CS_FA11/12PN-0a-c-90**

# ***Subukin***

**Panuto:**
**PAGKILALA SA PAHAYAG**: Suriin kung TAMA o MALI ang pahayag tungkol sa paksa

__TAMA__ 1. Isang benepisyong makukuha sa pagsusulat ang magdudulot ng kasiyahan sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman at pagkakaroon ng pagkakataong makapag-ambag ng kaalaman sa lipunan.

__MALI__ 2. Ito ang layunin sa pagsasagawa ng pagsulat na maaaring panlipunan o sosyal *kung* saan ang layunin ng pagsulat ay nakabatay sa pansariling pananaw,karanasan,naiisip o nadarama ng manunulat.

__TAMA__ 3. Ang isang indibidwal na gumagawa nito ay kumukuha o nagdaragdag ng mga kaalaman sa kanyang isipan.mula sa kasanayang pagsusulat.

__TAMA__ 4. Maaaring magkasabay na maisagawa ang layuning personal at panlipunan partikular sa mga akdang pampanitikang naisulat at binibigkas na bunga ng sariling pananaw ng may-akda sa pamamgitan ng pagtatalumpati.

__TAMA__ 5. Ang pagsusulat ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan.

# ***Balikan***

**Panuto:**

**PAGSULAT**: Sagutin nang may katotohanan, wasto, mabisa at kawili-wili ang katanungan na may kaugnayan na pagsusulat.

Kailan ka pinakahuling sumulat? Anong uri ng sulatin ito? Bakit nagustuhan mo ito sulatin? Ano-anong kabutihang: dulot sa pagsusulat? Ilahad mo ito sa kahon.

Kaninang umaga. Isang itong panuto o gabay para sundin ng kapatid ko para meron siyang alam kung pano sagutan ang kanyang matematikong.Nagustohan ko to dahil meron mabuting dulot . Ang mabuting dulot ng pagusulat ko ay nakakatulong ako sa kapatid ko para maging madali ang kanyang gagawin.

# Tuklasin

Ang pagsusulat ay isa sa mga makrong kasanayang dapat mahubog sa mga mag-aaral. Ayon kay Cecilia Austera et al. (2009), may-akda ng *Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2009*) ang pagsusulat ay isang kasanayang naglulundo ng kaisipan at damdaming nais ipahayag ng tao gamit ang pinakaepektibong midyum ng paghahatid ng mensahe, ang wika. Ayon naman kay Edwin Mabilin et al. sa aklat na *Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2012),* ito ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan. Sa pamamagitan ng pagsusulat, maisatitik ang nilalaman ng isipan, damdamin, paniniwala, at layunin ng tao sa tulong ng mga salita, ayos ng pangungusap sa mga talata hanggang sa mabuo ang isang akda o sulatin.

May iba't ibang dahilan ang tao sa pagsusulat. Para sa iba ,ito ay nagsisilbing libangan sapagkat sa pamamagitan nito ay naibabahagi nila sa iba ang kanilang mga ideya at kaisipan sa paraang kawili-wili o kasiya-siya para sa kanila. Anuman ang dahilan ng pagsusulat , ito ay nagdudulot ng malaking tulong sa nagsusulat,sa mga taong nakabasa nito,at maging sa lipunan sa pangkalahatan sapagkat ang kanilang mga sinulat ay magiging dokumento ng nakalipas na pangyayari o panahon na magsisilbing tulay para sa kabatiran ng susunod na henerasyon.Ayon kay Mabilin (2012) ang pagsusulat ay isang pagpapahayag ng kaalamang kailanman ay hindi naglalaho sa isipan ng mga bumasa at babasa sapagkat ito ay maaaring magpasalin-salin sa bawat panahon.Maaaring mawala ang alaala ng sumulat ngunit ang kaalamang kanyang ibinahagi ay manatiling kaalaman.

Kaya naman,sa limang makrong kasanayang pangwika , ang pagsusulat ay isa rin sa mga dapat pagtuunan ng pansin na malinang at mahubog sa mga mag-aaral sapagkat dito masusukat ang kanilang kahandaan at kagalingan sa iba't ibang disiplina. Sa mga makrong kasanayang tulad ng pakikinig, pagbabasa, panonood, madalas ang isang indibidwal na gumagawa nito ay kumukuha o nagdaragdag ng mga kaalaman sa kanyang isipan. Subalit sa pagsasalita at pagsusulat ang taong nagsagawa nito ay nagbabahagi ng kanyang mga kaisipan at nalalaman tungkol sa isang tiyak na paksa sa pamamagitan ng kanyang sinabi at isinulat.

**Layunin at Kahalagahan ng Pagsulat**

Ayon kay Royo, na nasulat sa aklat ni Dr. Eriberto Astorga, Jr. na *Pagbasa, Pagsulat at Pananaliksik (2001),* malaki ang naitutulong ng pagsulat sa paghubog ng damdamin at isipan ng tao. Sa pamamagitan nito, naipahahayag niya ang kanyang damdamin, mithiin, pangarap, agam-agam, bungang-isip at mga pagdaramdam. Dahil din sa pagsulat, nakikilala ng tao ang kanyang sarili, ang kanyang mga kahinaan at kalakasan, ang lawak at tayog ng kanyang isipan ,at ang mga naaabot ng kanyang kamalayan. Ang pangunahing layunin ng pagsulat ay ang mapabatid sa mga tao o lipunan ang paniniwala, kaalaman at mga karanasan

ng taong sumusulat. Kaya naman, napakahalaga na bukod sa mensaheng taglay ng akdang susulatin, kailangan ang katangiang mapanghikayat upang mapaniwala at makuha ang atensyon ng mga mambabasa. Mahalagang isaalang-alang ang layuning ito sapagkat masasayang ang mga isinulat kung hindi ito magdudulot ng kabatiran at pagbabago sa pananaw, pag-iisip at damdamin ng makababasa nito.

Ayon naman kay Mabilin, sa kanyang aklat na Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2012), ang layunin sa pagsasagawa ng pagsulat ay maaaring mahati sa dalawang bahagi. Una ,ito ay maaaring *personal o ekspresibo* kung saan ang layunin ng pagsulat ay nakabatay sa pansariling pananaw,karanasan,naiisip o nadarama ng manunulat.Ang ganitong paraan ng pagsulat ay maaaring magdulot sa bumabasa ng kasiyahan,kalungkutan , pagkatakot , o pagkainis depende sa layunin ng taong sumusulat. Ang karaniwang halimbawa nito ay ang ginagawa ng mga manunulat ng sanaysay, maikling kwento, tula, dula, awit at iba pang akdang pampanitikan. Pangalawa, ito ay maaari namang maging *panlipunan o sosyal* kung saan ang layunin ng pagsulat ay ang makipag-ugnayan sa ibang tao o sa lipunang ginagalawan. Ang ibang tawag sa layuning ito ng pagsusulat ay transaksiyonal. Ang mga halimbawa nito ay ang pagsulat ng liham, balita, korespondensya, pananaliksik, sulating panteknikal, tesis, disertasyon at iba pa. Ginagawa ang mga sulating ito taglay ang isang tiyak na layunin at ito ay walang iba kundi ang layuning makipag-ugnayan sa tao o sa lipunan. Sa kabilang dako, maaari rin naming magkasabay na maisagawa ang layuning personal at panlipunan partikular sa mga akdang pampanitikang naisulat bunga ng sariilng pananaw ng may-akda na maaaring magkaroon ng tiyak na kaugnayan sa lipunan tulad halimbawa ng talumpati na karaniwang binibigkas sa harap ng madla upang maghatid ng mensahe at manghikayat sa mga nakikinig.

**Sa pangkalahatan, narito ang kahalagahan o ang mga benepisyo na maaaring makuha sa pagsusulat.**

1. Masasanay ang kakayahang mag-organisa ng mga kaisipan at maisulat ito sa pamamagitan ng obhetibong paraan.

2. Malilinang ang kasanayan sa pagsusuri ng mga datos na kakailanganin sa isinasagawang imbestigasyon o pananaliksik.
3. Mahuhubog ang isipan ng mga mag-aaral sa mapanuring pagbasa sa pamamagitan ng pagiging obhetibo sa paglalatag ng mga kaisipang isusulat batay sa mga nakalap na impormasyon.
4. Mahihikayat at mapauunlad ang kakayahan sa matalinong paggamit ng aklatan sa paghahanap ng mga materyales at mahahalagang datos na kakailanganin sa pagsulat.
5. Magdudulot ito ng kasiyahan sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman at pagkakaroon ng pagkakataong makapag-ambag ng kaalaman sa lipunan.
6. Mahuhubog ang pagpapahalaga sa paggalang at pagkilala sa mga gawa at akda ng kanilang pag-aaral at akademikong pagsisikap.
7. Malilinang ang kasanayan sa pangangalap ng mga impormasyong mula sa iba'tibang batis ng kaalaman para sa akademikong pagsusulat.

# *Suriin*

**Panuto:**

**PAGSAGOT SA KATANUNGAN:** Batay sa nabasa at napag-aralang katuturan, layunin at kahalagahan ng pagsulat. Sagutin ang mga katanungan sa tulong ng wastong paggamit ng wika.

1. Ano ang kahulugan ng pagsusulat batay sa iyong binasa?

Para sa akin ang kahulugan ng pagsusulat ginagamit ng mga tao upang ipahayag ang damdamin,mithiin at pangarap.

______________________________________________________.

2. Sa mga makrong kasanayang pangwika, alin dito ang kailangang linangin at hubuging lubos? Bakit?

Pagsulat dahil sa ibat ibang makrong kasanayang pangwika ang pagsulat ay kailangan bigyan atensyon o Hubogin ng lubos sapagkat madali maitutulong ang pagsulat at masusukat ang ating kagalingan sa ibat ibang . disiplina.

3. Ano-ano ang mga bagay na dapat taglayin sa akdang susulatin?

Ang mga bagay na dapat kong taglayin sa akdang susulatin ay dapat meron akong malikhaing at malawak na pag-iisip para maganda ang kalabasan ng aking susulatin

4. Anong akdang pampanitikan ang maaaring magkasamang maisagawa ang layuning personal at panlipunan? Bakit?

Tula dahil mas madali to gawin at mas nakawili ito sa mga matanda at sa mga bata. At mas nanakuha atensyon pato sa ibang tao.

5. Naniniwala ka bang dapat ngang kunin ng lahat ng kurso ang asignaturang ito? Ipaliwanag ang iyong sagot

Oo dahil lahat ng kurso ay meron matutulong sa atin hindi lang ngayon kundi pang buhay natin to makikinabangan

______________________________________________________.

# Pagyamanin

**Panuto:**

**PAGTUKOY SA AKADEMIKONG SULATIN**: Kilalanin ang mga halimbawa ng akademikong sulatin upang magkaroon nang mas malinaw na konsepto at kaalaman ukol dito. Piliin ang titik ng tamang sagot sa kahon.

| | |
|---|---|
| A. Panunuring Pampanitikan | F. Pamanahong Papel |
| B. Bibliyograpiya | G. Disertasyon |
| C. Tesis | H. Pagsasaling-wika |
| D. Artikulo | I. Aklat |
| E. Konseptong Papel | J. Abstrak |

A 1. Sa Ingles ay tinatawag na term paper na karaniwang ginagawa sa kolehiyo. May ilang nasa sekondaryang antas ang maaaring nakaranas na ring makagawa ng ganitong sulatin. Ginagawa ito para sa pangangailangang pang akademiko.

E 2. Panimulang pag-aaral o proposal, ito ay kabuuan ng ideyang nabuo mula sa isang balangkas o framework.

C 3. Ito ay sulating may kinalaman sa pananaliksik at pagtuklas ng isang manunulat. Ginagawa ito ng isang indibidwal bilang pangangailangan sa kursong pinag aaralan o propesiyonal na kwalipikasyon. Ito ay ginagamit na bahagi ng kursong Batsilyer at Masterado.

G 4. Isang pormal na sulatin ukol sa isang paksa na ginagawa para sa titulong doktor.

A 5. Pagsusuri ng isang panitikan sa mas malalim na ideyang nais ihatid ng manunulat.

H 6. Mga pahayag, ideya, o ilang uri ng panitikang na sa isang wika ay ihahayag sa ibang anyo ng wika.

I 7. Kalipunan ng mga kaalaman para sa kapaki-pakinabang paghahatid ng Karunungan (maaaring pahayagan, magasin, at iba pa).

D 8. Ito ay sulating naghahatid ng iba't ibang impormasyon na may kinalaman sa iba't ibang paksa gaya ng mga nangyayari sa ating lipunan, kalusugan, isports, negosyo, at iba pa.


J 9. Ang kasaysayan, pagkilala o paglalarawan ng mga nasulat o sulatin o pablikasyon. Kasama rin ang posisyong papel, sintesis, bionote, panukalang proyekto, talumpati, katitikan ng pulong, replektibong sanaysay, agenda, pictorial essay, lakbay-sanaysay at abstrak.

J 10. Uri ng paglalagom na karaniwang ginagamit sa pagsulat ng mga akademikong papel tulad ng tesis, papel na siyentipiko at teknikal ,lektyur, at mga report.

# *Isaisip*

**Panuto:**

**PAGHAHAMBING SA LAYUNIN NG PAGSULAT**: Suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng *layunin ng pagsulat* (Personal at Sosyal ) ayon kay Mabilin (2012) sa pamamagitan ng venn diagram.




# *Isagawa*

**Panuto.**

**PAGBUO NG ISLOGAN:** Bumuo ng islogan na nakapagpapahayag ng paraan sa pagiging responsible.

Ang islogang *"Think before You Click "*ng isang kilalang estasyon ng telebisyon sa Pilipinas ay nagsusulong sa responsableng pamamahayag partikular sa Facebook, Twitter, o iba pang *social media*. Nagbibigay ito ng babala na anuman ang iyong ipahayag o i-post nang pasulat ay hindi na mababawi pa at magagamit na matibay na ebidensya laban sa iyo.

Bilang isang mag-aaral na nag-aaral ngayon ng Akademikong Pagsulat ay magbigay ka ng mga paraang magpapaalaala lalo na sa kapwa mo mag-aaral kung paano magiging responsable at makapagbibigay ng inspirasyon sa ating mga isinusulat o i-pino-post sa ating mga social media account.



# *Tayahin*

**Panuto:**
**PAGPAPATUNAY SA KASAGUTAN**: Sagutin ng TAMA o MALI ang sumusunod na pahayag tungkol sa pagsulat sa nakalaang linya ay magbigay ng malikling paliwanag kaugnay sa iyong sagot.

_TAMA___1. Ayon naman kay Edwin Mabilin et al. sa aklat na *Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2012),* Ang Pagsulat ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan.

Paliwanag:
Dahil pag meron tayong naiisip or gusto ipahayag sinusulat natin to sa papel para mas madali natin mapa unlad ang ating naiisip.

_TAMA___2.Ito ang kahalagahan o benepisyo na maaaring makuha sa pagsusulat na mahuhubog ang katawan ng mga mag-aaral sa mapanuring pagbasa sa pamamagitan ng pagiging obhetibo sa paglalatag ng mga kaisipang isusulat batay sa mga nakalap na impormasyon.

Paliwanag:
Ang mabuting benepisyo na maari kong makuha ay madali kang makakuha ng trabaho.

_TAMA___3. Anuman ang dahilan ng pagsusulat, ito ay nagdudulot ng malaking tulong sa nagsusulat, sa mga taong nakabasa nito, at maging sa lipunan sa pangkalahatan.


Paliwanag:
Tama dahil ano man ang iyong natutunan at magbibigay kaalaman sa mga taong walang alam sa iyong nalalaman.

# Karagdagang Gawain

**Panuto:**

**PAGTATALATA**: Bumuo ng tig-isang talata tungkol sa bawat larawan. Ang mga pangungusap ay maaaring nagtatanong, nagbibigay opinyon, naglalahad o nagbibigay ng obserbasyon at pagpapahalaga. Bigyan ng pamagat ang larawan. Pagkatapos, gumawa ng sariling paglalarawan sa pamamagitan ng pagsulat o pagguhit. Tatasahin dito ang iyong pagkamalikhain at pagkamapanuri.

A



B



Larawan mula sa at

**Mungkahing Pamagat**

~~**Ang paghaharana**~~

**A.**

Ang paghaharana ay paraan ng panliligaw na naging tradisyon ng mga pilipino.Sa paraan ito malalaman ng isang babae na malinis ang itensyon niya at tunay siya nag mamahal

**B.**

Mungkahing Pamagat

ANG NAKAHIGANG LALAKI

Para sa aking obserbasyon meron isang lalaki naka higa sa meron sa kanyang likod na parang isang iskwater na bahay. Para sila may gina gawang na parang ano ang buhay ng isang mahirap na tao.

| Aralin 2 | Gamit at Uri ng Pagsulat |
| --- | --- |
| BAITANG: 12<br>MARKAHAN: Una<br>PANAHONG IGUGUGOL: Ikalawang Linggo | |

## ***Alamin***

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang maisasagawa ng mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko. **CS_FA11/12EP-0a-c-39**

## ***Subukin***

**Panuto:**

**PAGTUKOY SA GAMIT AT URI NG PAGSULAT**: Tukuyin ang gamit at uri ng pagsulat sa mga katanungan.Piliin ang titik ng tamang sagot.

**A. Gamit o Pangangailangan sa Pagsulat**

 Layunin 1. Ito ay magsisilbing giya sa paghabi ng mga datos o nilalaman ng iyong isusulat. Kailangang matiyak na matutugunan ng iyong isusulat ang motibo ng

pagsusulat nang sa gayon ay maganap nito ang iyong pakay sa katauhan ng mga mambabasa.

Akademikong pag sulat 2. Tumutukoy ito sa kakayahang mailatag ang mga kaisipan at impormasyon sa isang maayos, organisado, obhetibo at at masining na pamamaraan mula panimula ng akda o komposisyon hanggang sa wakas nito.

Paksa 3. Mahalagang magkaroon nito ang isusulat. Ito ay magsisilbing pangkalahatang iikutan ng mga ideyang dapat mapaloob sa akda. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa paksang isusulat ay napakahalaga upang maging malaman, makabuluhan, at wasto ang mga datos na ilalagay sa akda o komposisyong susulatin.

Kasanayang pam pag-isip 4. Sa pagsulat, dapat taglayin ng manunulat ang kakayahang mag- analisa o magsuri ng mga datos na mahalaga o hindi gaanong nahalaga, o maging ng mga impormasyong dapat isama sa akdang isusulat.

Wika 5. Ito ay magsisilbing behikulo ito upang maisatitik ang mga kaalaman, kaisipan, damdamin, karanasan, impormasyon, at iba pang nais ilahad ng isang taong nais sumulat.

**B. Uri ng Pagsulat**

| | | |
|---|---|---|
| A. Malikhain | B. Teknikal | C. Propesyonal |
| D.Dyornalistik | E. Reperensyal | F. Akademiko |

F 6.Isa itong intelektwal na pagsulat. Ang gawaing ito ay nakakatulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larangan. Ayong kay Carmelita Alejo et.al. Layunin nitong ipakita ang resulta sa pagsisiyasat o ng isang ginawang pananaliksik.

A 7.Layunin nitong maghatid ng aliw, makapukaw ng damdamin at makaantig sa imahinasyon at isipan ng mga mambabasa. Mabibilang sa uring ito ang maikling kwento, dula, tula, malikhaing sanaysay, gayundin ang mga komiks ,iskrip ng teleserye, kalyeserye, musika, pelikula at iba pa.

C 8.Sulating may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa akademya o paaralan. Sulatin ito hinggil sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao.

B 9.Layunin nitong pag-aralan ang isang proyekto o kaya naman bumuo ng isang pag-aaral na kailangang para lutasin ang isang problema o suliranin sa isang tiyak na disiplina o larangan .

E 10.Layunin ng sulating ito na bigyang-pagkilala ang mga pinagkunang kaalaman o impormasyon sa paggawa ng konseptong papel, tesis, at disertasyon at mairekomenda sa iba ang mga sangguniang maaaring mapagkunan ng mayamang kaalaman hinggil sa isang tiyak na paksa.

# Balikan

**Panuto:**
**URI NG PAGLALARAWAN: Basahin** ang mga tekstong nakalahad sa ibaba. Suriin ang katangian at kalikasan ng mga ito at isulat sa linya kung ang paglalarawan ay ***subhetibo*** o ***obhetibo*.** Maglahad din ng isang pangungusap na magpapaliwanag sa iyong isinagot.

Ang pagsulat ng paglalarawan ay maaaring maging *subhetibo o obhetibo*. **Subhetibo** ang paglalarawan kung ang manunulat ay maglalarawan ng napakalinaw at halos madama na ng mambabasa subalit ang paglalarawan ay nakabatay lamang sa kanyang mayamang imahinasyon at hindi nakabatay sa isang katotohanan sa totoong buhay.

**Obhetibo** naman ang paglalarawan kung ito'y may pinagbatayang katotohanan. Halimbawa, kung ang lugar na inilarawan ng isang manunulat ay isa sa magagandang lugar sa bansa na kilala rin ng kanyang mga mambabasa, gagamit parin siya ng sarili niyang mga salitang maglalarawan sa lugar subalit hindi siya maaaring maglagay ng mga detalyeng hindi taglay ng kanyang paksa.

Panuto: Basahin ang mga tekstong nakalahad sa ibaba. Suriin ang katangian at kalikasan ng mga ito at saka isulat sa linya kung ang paglalarawan ay ***subhetibo*** o ***obhetibo*.** Maglahad ng isang pangungusap na magpapaliwanag sa iyong isinagot.

_Obhetibo_ 1. Ang perpektong kono ng Bulkang Mayon ay isang tanawing binabalik-balikan ng mga turistang nagmumula pa sa iba't ibang panig ng bansa at ng mundo. Itinuturing itong pinaka-aktibong bulkan sa bansa dahil sa humigit kumulang limampung beses na pagsabog nito sa nagdaang apat na raang taon. Mapanira at kasindak-sindak ang mga naging pagsabog nito subalit sa mga panahong panatag ang bulkan ay isang balani ang kagandahan nitong nakatunghay sa Kabikulan.

Paliwanag: _Dahil inilirawan niya ang bulkang mayon,_
______________________________________________________________
______________________________________________________________

_Subhetibo_ 2. Ang bawat pagkaway niya ay tinutumbasan ng nakabibinging pagtili ngkanyang mga tagahanga. Walang hindi naakit sa malalim niyang biloy naagad lumilitaw kapag ang kanyang maamong mukha ay binubukalan ngmatatamis na ngiti. Sinasabi ng mga nakakikilala sa kanyang hindi lang siya basta gwapo sapagkat mabuti rin daw ang kanyang kalooban opagkatao. Siya si Alden Richards, ay isang personalidad ng sikat na sikatna parehang binansagang "Aldub" na kumukompleto sa pananghalian ngmarami.

Paliwanag: _Kasi halos na maradaman ng mambabasa ang sinulat_
______________________________________________________________
______________________________________________________________

_Obhetibo_ 3.Naiwan sa balikat ni Andres ang responsibilidad sa mga nakakabatang kapatid na sina Ciriaco, Procopio, Espiridiona, Troadio, at Maxima. Nagtinda siya ng bastong yari sa yantok gayundin ng makukulay na abanikong papel na siya mismo ang gumawa. Dahil sa maganda niyang sulat kamay at likas na pagkamalikhain, gumawa rin siya ng mga poster para sa mga bahay-kalakal sa kanyang nalalabing oras. Hindi nagtagal at siya'y nagtarabaho bilang

bilang mensahero ng Fleming and Company. Dito'y nagpakita siya ng kasipagan, karapatan, at dedikasyon sa gawain hanggang sa siya'y ma-*promote* bilang ahente ng kompanya. Ang mahirap na buhay na pinagdaanan niya ang pumanday sa kanya upang maging masikap, matatg, at matapang. Mga katangiang nakatulong nakatulong sa pagtatag niya sa KKK.

Paliwanag: Kasi nag bibigay siya impormasyon at naglalarawan kung pano na buo ang KKK

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## ***Tuklasin***

**Mga Gamit at Pangangailangan sa Pagsulat**

Masasabing ang pagsulat ay isang talento dahil hindi lahat ng tao ay may kakayahang lumikha ng isang makabuluhang akda o komposisyon. Kaya naman upang makabuo tayo ng isang magandang sulatin ay kailangang mapukaw ang ating interes. Kailangan nating mabatid ang mga dapat tandaan sa pagsusulat partikular ng akademikong pagsulat. Narito ang mga iilan:

1. *Wika*- Nagsisilbing behikulo para maisatitik ang mga kaisipan, kaalaman, damdamin, karanasan, impormasyon, at iba pang nais ipabatid ng taong nais sumulat. Dapat matiyak kung anong uri ng wika ang gagamitin upang madaling maunawaan sa uri ng taong babasa ng akda. Nararapat magamit ang wika sa malinaw, masining, tiyak, at payak na paraan.

2. *Paksa*- Ang pagkakaroon ng isang tiyak at maganda na tema ng isusulat ay isang magandang simula dahil dito iikut ang buong sulatin. Kailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksang isusulat upang maging makabuluhan, at wasto ang mga datos na ilalagay sa akda o komposisyong susulatin.

3. *Layunin*- Ang layunin ang magsisilbing gabay sa paghabi ng mga datos o nilalaman ng iyong isusulat.

4. *Pamaraan ng Pagsulat*- May limang paraan ng pagsulat upang mailahad ang kaalaman at kaisipan ng manunulat batay na rin sa layunin o pakay sa pagsusulat.

   a. *Paraang Impormatibo*- Ang pangunahing layunin nito ay magbigay ng bagong impormasyon o kabatiran sa mga mambabasa.
   b. *Paraang Ekspresibo*- Ang manunulat ay naglalayong magbahagi ng sariling opinyon, paniniwala, ideya, obserbasyon, at kaalaman hingil sa isang tiyak na paksa batay sa kanyang sariling karanasan o pag-aaral.
   c. *Pamaraang Naratibo*- Ang pangunahing layunin nito ay magkuwento o magsalaysay ng mga pangyayari batay sa magkakaugnay at tiyak na pagkakasunod-sunod.
   d. *Pamaraang Deskriptibo*- Ang pangunahing pakay ng pagsulat ay maglarawan ng katangian, anyo, hugis ng mga bagay o pangyayari batay sa mga nakikita, naririnig, natunghayan, naranasan at nasaksihan.I to'y maaaring obhitibo at subhetibo.

e. *Pamaraang Argumentatibo*- Naglalayong manghikayat o mangumbinsi sa mga mambabasa. Madalas ito ay naglalahad ng mga isyu ng argumentong dapat pagtalunan o pag-usapan.

5. *Kasanayang Pampag-iisip-* Taglay ng manunulat ang kakayahang mag-analisa upang masuri ang mga datos na mahalaga o hindi na impormasyon na ilalapat sa pagsulat. Kailangang makatuwiran ang paghahatol upang makabuo ng malinaw at mabisang pagpapaliwanag at maging obhetibo sa sulating ilalahad.

6. *Kaalaman sa Wastong Pamamaraan ng Pagsulat*- Dapat ding isaalang-alang sa pagsulat ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa wika at retorika partikular sa wastong paggamit ng malaki at maliit na titik, wastong pagbaybay, paggamit ng batas, pagbuo ng talata, at masining at obhetibong paghabi ng mga kaisipan upang makabuo ng isang mahusay na sulatin.

7. *Kasanayan sa Paghahabi ng Buong Sulatin*- Ito ay tumutukoy sa kakayahang mailatag ang mga kaisipan at impormasyon mula sa panimula hanggang sa wakas na maayos, organisado, obhetibo, at masining na pamamaraan ang isang komposisyon.

## Uri ng Pagsulat

1. Teknikal na Pagsulat – Layunin nitong pag-aralan ang isang proyekto o kaya naman bumuo ng isang pag-aaral na kailangang para lutasin ang isang problema o suliranin sa isang tiyak na disiplina o larangan . Isang praktikal na komunikasyong ginagamit sa pangangalakal at ng mga propesyonal na tao upang maihatid ang teknikal na impormasyon sa iba't ibang uri ng mambabasa.

   Karaniwang nagtataglay ito ng mga paksang teknikal. Halimbawa: Feasibility Study, manwal, Proyekto sa pag-aayos ng kompyuter, at iba pa.

2. Reperensyal na Pagsulat – Layunin ng sulating ito na bigyang-pagkilala ang mga pinagkunang kaalaman o impormasyon sa paggawa ng konseptong papel, tesis, at disertasyon at mairekomenda sa iba ang mga sangguniang maaaring mapagkunan ng mayamang kaalaman hinggil sa isang tiyak na paksa.Karaniwang makikita ito sa huling bahagi ng isinagawang pananaliksik o kaya naman ay sa kabanatang naglalaman ng *Review of Related Literature* (RRL) na pinaghanguan ng mga prinsipyo at batayan upang makapagbalangkas ng mga konsepto sa pagbuo ng isinagawang pananaliksik.

3. Dyornalistik na Pagsulat – May kinalaman ito sa mga sulating may kaugnayan sa pamamahayag tulad ng pagsulat ng balita, editoryal, lathalain, artikulo at iba pa. Ito ay isinusulat ng mga mamamahayag, journalist, reporter at iba pang bihasa sa pangangalap ng mga totoo, obhetibo, at makabuluhang mga balita at isyung nagaganap sa lipunan sa kasalukuyan na kanilang isinusulat sa mga pahayagan , magasin, o kaya'y iniuulat sa radyo at telebisyon.

4. Akademikong Pagsulat – Isa itong intelektwal na pagsulat. Ang gawaing ito ay nakakatulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larangan. Ayong kay Carmelita Alejo et.al. Layunin nitong ipakita ang resulta sa pagsisiyasat o ng isang ginawang pananaliksik.

5. Malikhaing Pagsulat – Layunin nitong maghatid ng aliw, makapukaw ng damdamin at makaantig sa imahinasyon at isipan ng mga mambabasa. Mabibilang sa uring ito ang

maikling kwento, dula, tula, malikhaing sanaysay, gayundin ang mga komiks, iskrip ng teleserye, kalyeserye, musika, pelikula at iba pa.

6. Propesyonal na Pagsulat - Sulating may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa akademya o paaralan. Sulatin ito hinggil sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao. Halimbawa sa guro, pagsulat ng lesson plan, paggawa at pagsusuri ng kurikulum, para sa doctor o nars – paggawa ng medical report, narrative report tungkol sa physical examination sa pasyente at iba pa.

## *Suriin*

**Panuto:**

**A. PAGKILALA SA AKDA AT URI NG PAGSULAT:** Basahing mabuti ang inilalahad na akda at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

Ang *DoItYourself.com* ay isa sa mga nangungunang website na tumutulong sa mga nais magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay. Ang mga taong ito ay hindi na kumukuha ng mga ekspertong susuwelduhan. Pinarangalan ang website na ito ng *Time Magazine* bilang "One of the Top 50 Sites in the World". Maliban sa napakarami at napakalawak na paksa at iba't ibang bagay na matututuhan nila sa site na ito, ay mayroon din itong mga forum na nagbibigay-daan upang makipag-ugnayan ang mga bumibisita sa web site sa kapwa nila nagnanais ding gamitin ang website upang matutong magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay. Binibigyan din sila ng pagkakataong humingi ng payo sa mga eksperto.

Ang *site* na ito ay sinimulan noong 1995 na naglalayong tumulong sa mga mamimili na makakuha ng mga impormasyon sa pagkukumpuni ng bahay. Sa kasalukuyan, ang DoItYourself site ay binibisita bawat buwan ng limang milyong tao mula sa iba't ibang bansa. Dito nakapupulot sila ng mga prosidyur kung paano gawin ang mga bagay na kailangan nilang malaman sa pagkukumpuni. Pinadadali nito ang kanilang buhay dahil sa isang klik lang ay mababasa at kung minsan ay mapapanood pa ng mga paraan kung paano gawin ang isang bagay.

Sagutin ang katanungan

1. Anong uri ng *pagsulat ayon sa layunin* ang iyong nabasa? Bakit?

Teknikal na Pagsulat dahil nilulutas niya ang mga problema ng mga tao.Nagbibigay din ito ng

2. Ano ang *DoItYourself.com* at ang layunin nito?
   Ang DoltYourself.com ay isang website na gustong tumulong sa mga nais magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay.Ang layunin ng website nito ay tumulong sa mga mamimili na makakuha ng mga impormasyon sa pagkukumpuni ng bahay nila.

*3.* Ano-anong kabutihang dulot ang nakukuha ng website na DoItYourself.com*?*

Ang kabuhitang dulot na makukuha sa website na DoltYourself.com ay n tumutulong sa mga nais magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay.Tumutulong din ito sa mga nais magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

- ✓ Nasusunod ba ang pangangailangang “*kaalaman sa wastong pamamaraan ng pagsulat* at *kasanayan sa paghahabi ng buong sulatin”* sa binasang akda? Patunayan.

Oo dahil tama ang pagsulat niya ng kanyang sulatin at nagbibigay din to ng mga impormasyon para maka tulong sa mga tao

4. Tukuyin ang *pangunahing kaisipan* sa akdang binasa sa pamamagitan ng pagsulat nito sa isang buong pangungusap.


Ang *DoItYourself.com* ay isa sa mga nangungunang website na tumutulong sa mga nais magkumpuni at magpaganda ng sariling bahay. Ang mga taong ito ay hindi na kumukuha ng mga ekspertong susuwelduhan. Pinarangalan ang website na ito ng *Time Magazine* bilang “One of the Top 50 Sites in the World”.

**B.** Basahin at suriing mabuti ang mga halimbawa ng **uri ng pagsulat** at isulat ang tamang sagot sa patlang.

1. Malikhaing pagsulat




2. Propesyonal na Pagsulat ______________________________________________




https://buzzflare.com/ph/2019/10/24/sana-all-preskripsyon-ng-doktor-na-may-magandang-penmanship-hinangaan-ng-marami/

3. Dyornalistik na Pagsulat

**Paano gamutin ang COVID-19?**

Sa ngayon, **wala pang lunas para sa COVID-19** subalit **maaaring gamutin ang inyong mga sintomas** upang mapabilis ang inyong paggaling sa COVID-19. Karamihan sa mga tao (mahigit 80%) ay magkakaroon ng bahagyang karamdaman at hindi mangangailangang pumunta ng ospital. Kung may nararamdamang sintomas, **kumonsulta sa isang healthcare worker** upang kayo ay magabayan ng sapat at tama. Papayuhan kayo kung anong home treatment ang maaari ninyong gawin o ia-advice kayong pumunta sa isang temporary treatment and monitoring facility sa inyong lugar. Hindi kinakailangang pumunta agad sa hospital kung hindi naman malala ang inyong symptoms. **Uminom lamang ng gamot na inireseta sa inyo ng healthcare worker** na inyong kinonsulta. Huwag po uminom ng antibiotics at iba pang gamot kung walang payo mula sa kanila.

.https://covid19.healthypilipinas.ph/faqs/treatment-of-symptoms-and-recovery-from-covid-19?topic=paano-gamutin-ang-covid-19&lang=tl

4. Teknikal na Pagsulat

**KABANATA 2**

**<u>Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral</u>**

Ito ay isang pormal na pangangalap ng propesyunal na literatue na may kaugnayan sa isang partikular na suliranin ng pananaliksik. Sa pamamaraang ito matutuklasan ng tiyak ang mga natutunan ng ibang nanaliksik na may kaugnayan sa iyong paksa. Ang pangangalap ng kaugnay na literatura ay kinakailangang komprehensibo kung maari – isang payak na dulog upang malinaw na mai-ugnay ang isang pag-aaral sa iba pang pag-aaral.

Ito ay mahalaga sa pagdedetermina ng pangkalahatang kredibilidad ng pananaliksik sapagkat nagpapakita ito ng mga nakaraang mga pananaliksik at mga literatura na nagbibigay gabay sa pangunahing tunguhin ng isinasagawang pananaliksik.

Ang mga kaugnay ng literatura ay hindi lamang tumutukoy sa mga nakaraang pag-aaral na isinagawa, gayundin ay nadaragdag ito ng makabagong impormasyon.

Karaniwang ang mga dyornal, mga magasin at pahayagan ang nakapaglalaan ng higit na makabagong impormasyon kumpara sa ilang mga batayang aklat. Ang mga kagamitang ito ay nakapagdaragdag ng iskolatikong halaga ng pananaliksik.

Gayundin ang mga impormasyon na nakukuhang impormasyon sa internet ay mahalagang salik sa pagpapakita at paglalahad ng mga makabagong impormasyon.

Nahahati ang bahaging ito ng pananaliksik sa mga sumusunod:

a. Banyagang Pag-aaral
b. Banyagang Literatura
c. Lokal na Pag-aaral
d. Local na Literatura

Sa loob ng teksto, isulat lamang ang huling pangalan ng may –akda. Sa pagkilala ng magkaibang pinagkunan na may parehong huling pangalan, isama ang kanilang inisyal sa apelyido para sa kaukulang banggit.

Gawing malinaw ang pagkakaugnayan ng mga pag-aaral na dumaan sa rebyu. Hanggat' maaari, ipakita ang mga punto ng kahinaan at kalakasan ng bawat pag-aaral. Ipakita rin kungpaanong ang mga nirerebyung pag-aaral ay naugnay sa kasalukuyang pag-aaral. Lagumin ang rebyu at maglaan ng magandang pagkakasunod mula sa nakalipas na pag-aaral tungo sa isinasagawang pananaliksik. Dito makikita kung paano nabuo o naugnay ang ginawang riserts mula sa mga nakaraan.

*<u>Mga Kaugnay na Literatura</u>*

Ilalahad ng kabanatang ito ang pangkalahatang larawan ng paksang pampananaliksik. Layunin ditong ipakita ang mga nagawa o hindi pa nagagawang pananaliksik ukol sa suliranin at bigyang linaw ang rasyonaleng teoritikal ng problema.

*<u>Mga Kaugnay na Pag-aaral</u>*

Sakaling mahaba ang literatura at kaugnay na pag-aaral, maaari itong tumayong isang kabanata pagkatapos ng introduksyon. Kabilang sa bahaging ito ang mga pag-aaral na ang layunin, metodo, o mga natuklasan ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Ihain ang pagtalakay ng mga nabanggit na layunin, pamamaraan ng pag-aaral, mga pangunahing natuklasan, at kongklusyon sa anyo ng maikling kritikal na pag-aanalisa.

5. <u>Reperensyal na Pagsulat</u>

*LPU Laguna Journal of Arts and Sciences*
*Psychological Research Vol. 2 No.2 September 2015*

**KARANASAN NG ISANG BATANG INA: ISANG PANANALIKSIK**

*Gisella Mari A. Averion, Florentino L. Elic at Fernando A. Garcia*
*BS in Psychology*

***Abstrak***

*Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na aspeto: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalaim sa quantitative method at ginamitan ng non-random convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa "convenience". Ang bilang ng mga respondente ay tatlumpo't lima (35) na batang ina na may edad na labing-dalawa hanggang labing-walo na naninirahan sa Sta. Rosa Alaminos, Laguna. Ang lumabas na resulta ay walang pagkakaiba ang mean score ng anim na salik kapag grinupo sa antas ng huling pag-pasok, edad ng unang panganganak at kapag igrinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinag patuloy ang kanilang pag-aaral at mayroong pagkakaiba sa mean score sa emosyonal at sosyal na salik kapag igrinupo sa estadong marital.*

***Keywords:*** *karanasan, batang ina, emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal, sosyal*



https://www.studocu.com/ph/document/university-of-the-cordilleras/komunikasyon-sa-akademikong-filipino/mandatory-assignments/karanasan-ng-isang-batang-ina-isang-pananaliksik/5585821/view

## *Pagyamanin*

**Panuto:**
**PAGSUSUSULAT AYON SA LAYUNIN**: Basahin ang panuto sa bawat bilang. Sundin ang bawat isa upang makasulat ng mga halimbawang pamamaraan ng pagsulat ayon sa layunin.

1. Sa halip na sabihing masaya si Len dahil nakapasa siya sa board exam ay gawin mong mas mabisang ang paglalarawan sa damdamin. Bumuo ka ng diyalogo ni Len na nagsasaad ng nararamdaman niya. Isulat ang diyalogo sa patlang.

   Len:Yes nakapasa ako! Matutuwa to ang mga magulang ko pag nalaman nila nag resulta! Lalo nasi mama na excited malaman ang resulta!

2. Labis ang pagtatampo ni Ken sa kanyang ama dahil nakalimutan nito ang kanyang kaarawan. Ilarawan mo ang damdamin ni Ken sa pamamagitan ng kanyang ginawa na nagpapakita ng labis na pagtatampo.

   Parang napako ang puso ni Ken dahil sobra siyang nasaktan dahil nakilimutan ang isang mahalang araw sa buhay niya

3. Walang patid ang pagluha ni Bea dahil sa pagkabigo ng kanyang unang pag-ibig. May mahal palang iba ang taong pinakamamahal niya. Gumamit ng tayutay o matatalinghagang pananalita sa paglalarawan sa damdamin o emosyon ni Bea.

Ang nararamdaman ni bea  parang babae natusok ng espada ang kanyang puso dahil sobrang nasaktan puso niya.

## *Isaisip*

**Panuto:**

**PAGPUPUNO NG PARIRALA SA PAGBUO NG PAHAYAG**: Natalakay natin sa *Aralin 1* ang tungkol sa layunin at kahalagahan ng pagsulat . Sa puntong ito, punan ang patlang ng akmang pahayag upang mabuo ang *cloze test.* Piliin ang titik ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| A. pinag-iisipan nang mabuti | B. mismong proseso ng pagsulat |
| C. dahilang sabay na ginagamit ito sa pagsulat | D. yugtong pangkognitibo |
| E. artikulasyon ng mga ideya, | |

Ano nga ba ang pagsulat? Ang pagsulat ay 1._D_, konsepto, paniniwala at nararamdaman na ipinahahayag sa paraang pasulat, limbag at elektroniko (sa kompyuter). Binubuo ang pagsulat sa dalawang yugto**.** Una na rito ang 2.E , ibig sabihin, nasa isip lahat natin ang ating mga isusulat. Nagkakaroon ng artikulasyon ang mga ideya, paniniwala at iba pa sa dahilang masusing dumaraan ito sa isipan ng tao na pag-isipan, naisapuso o naunawaan bago naisulat. Ang ikalawang yugto ay ang 3._B___.
Nagkakaroon ng hulma at tiyak na hugis ang mga ideya at konseptong nasa isipan ng tao habang unti- unting naisusulat ito sa papel. Nagkakaroon ng kaganapan ang yugtong pangkognitibo sa pagsulat na mismo. Magkakambal ang dalawang yugtong ito sa 4._C__________**.** Hindi makapagsulat ang isang estudyante ng isang sulating pananaliksik kung hindi muna niya 5._A___ang ideya at gagawin. Hindi niya marerebisa ang naisulat kung hindi niya tuloy-tuloy na pinag-iisipan ang nabubuong hugis at hulma ng naisulat na papel. Samakatuwid, mula simula hanggang wakas magkasama ang dalawa, halimbawa, sa pagsulat ng sanaysay at iba pang akademikong papel.

## *Isagawa*

**Pag-aralan ang mga katangian ng Tekstong Impormatibo:**

- ✓ Makatotohanan ang mga datos.
- ✓ May malawak na kaalaman tungkol sa paksa ang manunulat.
- ✓ Ang kaalaman ay nakaayos nang sunod-sunod at inilalahad nang buong diwa at may kaisahan.
- ✓ Karaniwang makikita sa mga pahayagan o balita, sa mga magasin, textbook, at sa mga pangkalahatang sanggunian.

**Elemento ng Tekstong Impormatibo:**

- ✓ Layunin ng may-akda-Layunin nitong maglahad o magbigay ng impormasyon.
- ✓ Pangunahing Ideya-Ito ay dagliang inilalahad ang mga pangunahing ideya sa mambabasa. Nagagawa ito sa paglalagay ng pamagat sa bahagi
  –tinatawag din itong organizational markers na nakatutulong upang agad makita at malaman ng mambabasa ang pangunahing ideya ng babasahin.
- ✓ Pantulong na kaisipan-Mahalaga rin ang paglalagay ng mga angkop na pantulong na kaisipan o mga detalye upang makatulong mabuo sa isipan ng mambabasa ang pangunahing ideyang nais niyang matanim o maiwan sa kanila.
- ✓ Mga estilo sa pagsulat, kagamitan/sangguniang magtatampok sa mga bagay na binibigyang-diin Makatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mga malawak na pag-unawa sa binabasang tekstong impormatibo ang paggamit ng mga estilo o kagamitan/sangguniang magbibigay-diin sa mahahalagang bahagi tulad ng sumusunod:
  - ➢ Paggamit ng mga nakalarawang representasyon (larawan, guhit, dayagram,tsart, timeline)
  - ➢ Pagbibigay-diin sa mahahalagang salita sa teksto (pagsulat ng nakadiin, nakahilis, nakapanipi
  - ➢ Pagsulat ng mga sanggunian ( mga aklat, kagamitan at iba pa)

Mula sa https://www.coursehero.com/file/p1p07hf/Katangian-ng-Tekstong-Impormatibo-Makatotohanan-ang-mga-datos-May-malawak-na/

**Panuto**: **PAGSULAT NG TEKSTO:** Batay sa katangian at elemento ng teksto,sa itaas, sumulat ka isang **tekstong *impormatibo*** batay sa larawan. Sundin ang wastong pamantayan ng pagsulat nito. Salungguhitan ang pangunahing ideya o paksang pangungusap, Isulat ito sa bondpaper.



*Larawan mula sa https://www.philstar.com/pang-masa/police-metro/2020/03/10/1999537/doh-binalaan-ang-mga-ospital-na-tatanggi-sa-mga-covid-19-patients*

KRAYTERYA SA PAGSULAT NG TEKSTO

| KRAYTIRYA | Napakahusay<br>5 puntos | Mahusay<br>4 puntos | Mahusay-husay<br>3 puntos | Umuunlad<br>2 puntos | KABUUAN<br>20 puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman-<br>Kaangkupan<br>ng paksa** | May higit na kaalaman sa paksa at angkop ang teksto sa pamagat | May kaalaman sa paksa at angkop ang teksto sa pamagat | May kaunting kaalaman at di-gaanong angkop ang teksto sa pamagat | Hindi angkop ang teksto sa pamagat | |
| **Gamit ng<br>Gramatika at<br>Bantas-<br>Pagkabaybay<br>Pagbabantas** | Wasto lahat ang pagkakabaybay at pagbabantas ng mga salita sa pangungusap. | Nakapagsulat ng teksto ngunit may isa hanggang limang mali sa pagkakabaybay o pagbabantas ng mga salita sa pangungusap | Nakapagsulat ng teksto ngunit may anim hanggang sampung mali sa pagkakabaybay o pagbabantas ng mga salita sa pangungusap | Nakapagsulat ng teksto ngunit may labing isa o higit pang mali sa pagkakabaybay o pagbabantas ng mga salita sa pangungusap . | |
| **Organisasyon<br>ng Ideya<br>Panimula<br>Katawan<br>Konklusyon** | Maganda at tama lahat ang pagkakasunod-sunod ng ideya, may panimula, katawan at konklusyon. | Tama ang pagkakasunod-sunod ng ideya may panimula, katawan at konklusyon. | May kaunting kamalian sa pagkakasunod-sunod ideya | Hindi organisado ang mga ideyang naisulat. | |
| **Bilang ng mga salita 100-200 na salita** | Nakapagsulat ng tekstong binubuo ng 500 o higit pang salita | Nakapagsulat ng tekstong binubuo ng 400 hanggang 499 na salita | Nakapagsulat ng tekstong binubuo ng 300 hanggang 399 na salita | Nakapagsulat ng tekstong binubuo ng 200 hanggang 299 na salita https://teybasilio.blogspot.com/ | |



# *Tayahin*

**Panuto: PAGKILALA SA PAMAMARAAN NG PAGSULAT**; Suriin ang pahayag at kilalanin ang **pamamaraan ng pagsulat ayon sa layunin**. Isulat ang sagot sa patlang. (5 puntos bawat sagot.)

_______________1, Ayon kay Giovanni Careri, isang manlalakbay na Italyano na nakasapit sa ating bansa noong 1696, ang mga unang Tagalog na naninirahan sa baybayin ng dagat at mga ilog ay sumasamba sa mga puno ng Balite.Siya ay naglibot sa mga paligid sa Lawa ng Bai na ngayon ay tinatawag na Lawa ng Laguna at mataman niyang pinag-aralan ang mga naninirahan dito.

_______________2,“Dumating ang may-ari ng litsunan, sa ayos niya’y mukhang siya pa ang dapat tuhugin ng kawayan at ihawin sa nagbabagang uling.Bilog na bilog ang kanyang katawan. Wala na siyang leeg. Nakasaklay na ang kanyang balikat sa magkabilang tainga. Makipot ang nagma-mantika niyang labi na ibinaon naman ng pumuputok niyang pisngi. Biik lamang ang kanyang tangkad.Kung maglakad siya’y parang nakawalang bulog. Sumenyas siya.Pinapupunta kami sa loob ng kanyang kural, este opisina.”

______________3.Paraan ng Pagluluto ng Bola-bola: Batihing mabuti ang isang itlog at ihalo rito ang karneng dinurog.Timplahan ng asin, budburan ng kaunting paminta at ihalo ang harina.Gumawa ng katamtamang laki ng bola-bola at kapag nabilog na ay iprito sa mahina-hinang apoy hanggang sa pumula ito.Ilagay sa mantika ang pinitpit na bawang at kapag mamula-mula na ito ay igisa rin dito ang sibuyas at kamatis.Sabawan ng mga anim na kutsarang tubig ang kawali hanggang sa maging parang sarsa ang sabaw.Ihalo ang mga ginawang bola-bola at pabayaang kumulo.Pagkaraan ng limang minuto, hanguin ang nilutong bola-bola at ihain ito nang mainit.

# ***Karagdagang Gawain***

*Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko.* ***CS_FA11/12EP-0a-c-39***

**Panuto: PANIMULANG PANANALIKSIK:** Magsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan at katangian ng uri ng akademikong sulatin na *Abstrak, Sinopsis, Bionote* sa tulong ng graphic organizer.

Uri ng Akademikong Sulatin:

Nasaliksik

Kahulugan

Katangian

Sanggunian

Uri ng Akademikong Sulatin:

Nasaliksik

Kahulugan

Katangian

Kahulugan:

Sanggunian

Uri ng Akademikong Sulatin:

Nasaliksik

Kahulugan

Katangian

Sanggunian

| | |
|---|---|
| **Aralin 3** | **Ang Akademikong Pagsulat** |

BAITANG: 12
MARKAHAN: Una
PANAHONG IGUGUGOL: Ikatlong Linggo

# *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang maisasagawa ng mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Nakasusulat nang maayos na akademikong sulatin. **CS_FA11/12PU-0d-f-92**

# *Subukin*

**Panuto: KATANGIAN NG AKADEMIKONG SULATIN:** Piliin ang tamang sagot sa mga katangiang dapat taglayin ng akademikong sulatin. Isulat ito sa patlang.

| |
|---|
| May Pananagutan, Obhetibo, Maliwanag at Organisado, Pormal, |
| May Paninindigan |

<u>May panindigan</u>___1.Hindi maganda ang magpabago-bago ng paksa. Mahalagang mapanindigan ng sumulat ang paksang nais niyang bigyang-pansin o pag-aralan. Maging matiyaga sa pagsasagawa ng pananaliksik at pagsisiyasat ng mga datos para matapos ang pagsulat ng napiling paksa.

Maliwanag at organisado 2. Ang mga talata ay may kaisahan, pagkakaugnay at pagkakasunod ng ideya ayon sa pagkakasulat ng mga pangungusap at talata na naaayon sa punong kaisipan o (main topic).

pormal 3. .Iwasan ang paggamit ng mga salitang kolokyal o balbal.Gumamit ng pormal na salita, tono at himig ng paglalahad na madaling maunawaan ng mambabasa.

May pananagutan 4.Mahalagang matutuhan ang pagkilala sa mga sangguniang pinaghanguan ng mga impormasyon. Ang pangongopya ng impormasyon o ideya ng ibang manunulat o plagiarism ay isang kasalanang may takdang kaparusahan sa ilalim ng ating batas.

pormal 5.Ang layunin ng akademikong pagsulat ay pataasin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina o larang. Binibigyang-diin dito ang impormasyong gustong ibigay at ang argumento sa mga ideya na sumusuporta sa paksa (Alejo et al 2005).Ang mga datos sa isinusulat ay kailangang batay sa kinalabasan ng ginawang pag-aaral at pananaliksik.

B. **PAGHAHAMBING NG KATANGIAN NG AKADEMIKO AT DI-AKADEMIKONG SULATIN:** Suriin ang pagkakaiba ng katangian ng akademiko at di- akademiko ayon sa **A**.layunin, **B.**paraan o batayan ng datos **C.** Audience **D**.organisasyon ng ideya **E.**pananaw . Piliin ang **Bilang** ng tamang sagot at isulat sa graphic organizer.

1. Subhetibo, sariling opinyon, pamilya, komunidad ang pagtukoy, tao at damdamin ang tinutukoy, nasa una at pangalawang panauhan ang pagkakasulat.
2. Magbibigay ng sariling opinyon
3. Iskolar,mag-aaral ,guro , (akademikong komunidad)
4. Planado at magkakaugnay ang mga ideya, may pagkakasunud-sunod ang estruktura ng mga pahayag,
5. Magbibigay ng ideya at impormasyon
6. Iba't ibang publiko
7. Obserbasyon, pananaliksik, at pagbabasa
8. Hindi malinaw ang istruktura ,hindi kailangang magkaugnay ang mga ideya
9. Sariling karanasan, pamilya , at komunidad
10. Obhetibo, hindi direktang tumutukoy sa tao at damdamin kundi sa mga bagay, ideya at katotohanan, nasa pangatlong panauhan ang pagkakasulat




# Balikan

**Panuto**:**PAGHAHAMBING SA MGA GAWAIN:** Sagutin ang katanungan sa sitwasyong ibinibigay .

1. Sa iyong pag-aaral sa K to12, paano mo napag-iiba ang mga gawain sa bahay,eskwelahan, at komunidad ? Sumulat ng limang ginagawa mo sa bawat hanay.

| Gawain sa Bahay | Gawain sa Eskwelahan | Gawain sa Komunidad |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| Maglinis ng bahay<br>mag tulong sa magulang<br>tumutulong sa kapatid<br>nagluluto ng ulam<br>naglalaba | Nagaaral ng mabuti<br>nakikinig sa guro<br>gumagawa ng mga gawain<br>naglilinis paaralan<br>tinuruan ang kaklase | Sumali sa mga mabuting proyekto<br>Naglilinis ng kapiligiran<br>Pinupulot ang mag basura sa paligid<br>Gumagawa ng mabuti<br>Tumulong sa kapwang tao |

2. Ano-anong pangkalahatang katangian na ipinagkaiba ng mga ito sa isa't isa?

3. Dapat bang paghiwalayin ang mga ito sa iyong mga gawain? Ipaliwanag.
   Oo dahil meron nga gawin sa bahay na hindi mo magawa sa paaralan at komunidad at meron din gawain sa
   Paaralan na hindi mo magawa sa bahay tulad ng makinig sa guro.

4. Makakatulong ba ang mga gawain mo sa eskwelahan sa mga ginagawa mo sa bahay at komunidad? Patunayan.
   Oo dahil ang mabuti kong ginagawa ay makakatulong sa bahay tulad ng mga natutunan ko sa paaralan pwede
   Ko maturo sa mga kapatid ko at makaktulong din ito sa komunidad dahil tulad ng nakikinig sa guro pwede ko gawin mga mabuti kong
   Gawain na nalaman kosa guro sa mga ibang tao.

5. Anong mga pagpapahalaga ang pinauunlad sa bawat isa? Magbigay ng mga halimbawa.



# Tuklasin

**Ang Akademikong Sulatin**

***Mga Gawaing Pampag-iisip sa Akademiya***

Ang salitang *Akademiya* ay mula sa salitang Pranses na *academie,* sa Latin *academia,* at sa Griyego na *academeia*. Ito ay isang institusyon ng kinikilala at respetadong mga iskolar, artista, at siyentista na ang layunin ay isulong, paunlarin, palalimin,at palawakin

ang kaalaman at kasanayang pangkaisipan upang mapanatili ang mataas na pamantayan ng partikular na

larangan. Isa itong komunidad ng mga iskolar.Ang tao o ang sarili ay isang dinamikong puwersa ng buhay na may kakayahang mag-isip nang kritikal o mapanuri, maging mapanlikha at malikhain at malayang magbago at makapagbago.Ganito ang isang mag-aaral na lalo pang hinuhubog ng akademiya.

***Malikhain at Mapanuring Pag-iisip***

Ang mapanuring pag-iisip ay ang paggamit ng kaalaman, kakayahan, pagpapahalaga at talino upang epektibong harapin ang mga sitwasyon at hamon sa buhay -akademiko at maging sa gawaing di - akademiko. Nagtutulungan ang dalawang kakayahang ito upang makabuo ng mga paniniwala sa buhay at pagdedesisyon. Hindi kailangang maging henyo o talentado upang maging malikhain.Sa Akademiya, ang mga katangiang ito ay nilinang at pinauunlad sa mga mag-aaral.Malaki ang maitutulong nito upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa kolehiyo, trabaho at araw-araw na pamumuhay.

***Akademiko vs Di-Akademiko***

Ang salitang akademiko o academic ay mula sa mga wikang Europeo (Pranses: Academique; Medieval Latin: *Academicus* noong gitnang bahagi ng ika-16 na siglo. Tumutukoy ito o may kaugnayan sa edukasyon ,iskolarship , institusyon , o larangan ng pag-aaral na nagbibigay-tuon sa pagbasa, pagsulat ,at pag-aaral kaiba sa praktikal o teknikal na gawain.*( www.oxforddictionaries.com)*

Tinatawag na mga larangang akademik, akademiko, akademiks, o akademikong disiplina ang mga kurso sa kolehiyo.Ang mga ito ang pagpipilian ng mga mag-aaral kapag dinesisyunan na magpatulong sa kolehiyo.

Sa Akademiya, nililinang dito ang mga kasanayan at natutuhan ang mga kaalamang kaugnay ng larangang pinagkakadulubhasaan. Kasanayan sa pagbasa, pakikinig, pagsasalita, panonood, at pagsulat ang napauunlad sa pagsasagawa ng mga gawain sa larangan. Analisis, panunuring kritikal, pananaliksik, at eksperimentasyon ang mga isinasagawa rito. Ginagabayan ito ng etika, pagpapahalaga, katotohanan , ebidensya , at balanseng pagsusuri.Sa kabilang dako , ang mga di-akademikong gawain ay ginagabayan ng karanasan , kasanayan , at common sense.

Narito ang mga pagkakaiba sa katangian ng **akademiko at di-akademiko**

| | | |
|---|---|---|
| Pananaw- | Obhetibo ,hindi direktang tumutukoy sa tao at damdamin kundi sa mga bagay ,ideya at katotohanan , ito'y nasa pangatlong panauhan ang pagkakasulat | Subhetibo, sariling opinion , pamilya, komunidad ang pagtukoy, tao at damdamin ang tinutukoy, nasa una at pangalawang panauhan ang pagkakasulat |
| Audience | Iskolar,mag-aaral ,guro ,(akademikong komunidad | Iba't ibang publiko |
| Layunin | Magbibigay ng ideya at impormasyon | Magbibigay ng sariling opinyon |
| Paraan o Batayan ng Datos | Obserbasyon,pananaliksik,at pagbabasa | Sariling karanasan, pamilya ,at komunidad |
| Organisasyon ng Ideya | Planado at magkakaugnay ang mga ideya, may pagkakasunud-sunod ang estruktura ng mga pahayag, | Hindi malinaw ang istruktura ,hindi kailangang magkaugnay ang mga ideya |

Kabilang sa mga halimbawa ng akademikong gawain ang sumusunod: pagbasa ng ginagamit na teksto sa klase, pakikinig ng lektyur, panonood ng video o dokumentaryo,pagsasalita at pakikipagdiskurso sa loob ng klase o isang simposyum, at pagsulat ng sulatin sa mga akdang pampanitikan at posisyong -papel, panukalang proyekto,

case studies , pamanahong papel o pananaliksik, pagsulat ng artikulo, lakbay-sanaynay ,larawang-sanaysay ,talumpati , pagbubuod, memorandum, adyenda at katitikan ng pulong at iba pa . Halimbawa naman ng mga di-akademikong gawain ang panonood ng pelikula o video upang maaliw o magpalipas-oras,pakikipag-usap sa sinoman ukol sa paksang di-akademiko, pagsulat sa isang kaibigan ,pakikinig sa radyo ,at pagbasa ng komiks ,magasin o diyaryo.

Pinahahalagahan at pinatutunayan ang katangiang ito sa teoryang pangkomunikasyon ni Cummins (1979) kung saan pinag-iba niya ang kasanayang di-akademiko (ordinaryo, pang-araw-araw) sa kasanayang akademiko (pang-eskwelahan, pang-institusyon) . Tinawag niyang *Basic Interpersonal Communication Skills* (BICS) ang una at Cognitive Academic Language Profeciency (CALP) naman ang huli. Batay sa mga usapan, praktikal, personal at impormal na mga gawain ang BICS samantalang pormal at intelektwal ang CALP.

Ang Paggamit ng Akademikong Filipino sa Paggawa ng Akademikong Pagsulat madalas iniuugnay ang akademikong pagsulat sa akademiya. Ito ay tumutukoy sa institusyong pang-edukasyon na maituturing na haligi sa pagkamit ng mataas na kasanayan at karunungan. Ang mga elementong ito ay bumubuo ng mga guro, mag-aaral, administrador, gusali, kurikulum at iba pa. Hindi magaganap ang anumang adhikain ng isang akademiya kung wala ang wika. Sa pag-aaral ng kursong ito, ang *Akademikong Filipino* **ang** gagamitin sa akademiya. Sa paggamit nito , malinaw sa isip ng gumagamit nito ,ito man ay sa paraang pasalita o pasulat ang kahalagahan sa pagsunod sa mga alituntunin sa paggamit ng wikang Filipino upang ito'y maging istandard at magamit bilang wika ng intelektwalisasyon.

Epektibong magagamit ang Filipino sa akademiya, higit na magiging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung sa wikang niya ito matatamo. Bilang pagtugon sa layunin ito, isinama sa kurikulum sa pag-aaral sa *Senior High School* ang *Akademikong Pagsulat* kung saan sa asignaturang ito ay lilinangin ,sasanayin, at huhubugin ang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang akademikong Filipino.Isa sa pinakamahahalagang awtput ng sinumang mag-aaral ang mga gawaing nauukol sa *Akademikong Pagsulat*. Ito ay isang masinop at sistematikong pagsulat ukol sa isang karanasang panlipunan na maaaring maging batayan ng marami pang pag-aaral na magagamit sa ikatataguyod ng lipunan. Ito rin ay isinasagawa sa isang akademikong institusyon o paaralan kung saan kinakailangan ang mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Layunin nito ang *magbigay ng makabuluhang impormasyon* sa halip na manlibang lamang. Kung ihahambing sa malikhaing pagsulat, ang akademikong pagsulat ay *nangangailangan ng mas mahigpit na tuntunin* sa pagbuo ng sulatin. Mayroon itong isang paksa na may magkakaugnay na mensahe. Maayos na inihahanay ang mga pangungusap, talata, upang maging malinaw ang pagkakabuo ng mga ideya at paliwanag ng mga ito. Ang karaniwang estruktura ng isang akademikong sulatin ay may simula na karaniwang nilalaman ng introduksiyon, gitna na nilalaman ng mga paliwanag, at wakas na nilalaman ng resolusyon, kongklusyon, at rekomendasyon. Ilan sa mga halimbawa ng akademikong teksto ang abstrak, bionote, talumpati, panukalang proyekto, replektibong sanaysay, sintesis, lakbay-sanaysay, synopsis, at iba pa.

Ang pagbuo ng akademikong sulatin ay *nakadepende sa kritikal na pagbasa* ng isang indibidwal (Arrogante et al. 2007). Kinikilala sa ganitong uri ng pagsulat ang husay ng manunulat dahil may kakayahan siyang mangalap ng mahahalagang datos, mag-organisa ng mga ideya, lohikal mag-isip, mahusay magsuri, marunong magpahalaga sa orihinalidad ng gawa, at may inobasyon at kakayahang gumawa ng sintesis. Sa pagsulat ng sulating pang- akademiko, gumagamit ng piling-piling salita at isinasaalang-alang ang target na mambabasa. Mahigpit din sa paggamit ng tamang bantas at baybay ng salita dahil ang mga sulating ito ay nakatuon sa pagbibigay ng kaalaman.

***Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Akademikong Pagsulat***

1. Obhetibo- Mahalaga ang tunay at pawang katotohanan na mga impormasyon. Iwasan ang mga pahayag na batay sa aking pananaw o ayon sa aming haka-haka o opinyon.

2. Pormal- Iwasan ang paggamit ng mga salitang kolokyal o balbal. Sa halip, gumamit ng mga salitang pormal na madali ng maunawaan ng mga mambabasa. Ang tono o ang himig ng impormasyon ay dapat maging pormal din.

3. Maliwanag at Organisado- Sa paglalahad ay nararapat na maging malinaw at organisado ng mga kaisipan at datos. Nakikitaan ng maayos na pagkakasunod-sunod at pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap na binubuo nito. Ang pangunahing paksa ay dapat nabibigyang-diin sa sulatin.

4. May Paninindigan- Mahalagang mapanindigan ng sumusulat ang paksang nais niyang bigyang-pansin o pag-aralan, ibig sabihin hindi maganda ang mapagbago-bago ng paksa. Ang layunin nito ay mahalagang mapanindigan niya hanggang sa matapos niya ang kanyang isusulat. Maging matiyaga sa pagsasagawa ng pananaliksik at pagsisiyasat ng mga datos para matapos ang pagsulat ng napiling paksa.

5. May Pananagutan- Ang mga sanggunian na ginamit sa mga nakalap na datos o impormasyon ay dapat na bigyan ng nararapat na pagkilala. Ito ay isang etika at pagbibigay galang sa awturidad na ginamit bilang sanggunian.

Upang mabigyan ka ng pangkalahatang ideya hinggil sa kursong ito, narito ang iba't ibang uri ng akademikong sulatin na isa-isang tatalakayin sa kabuoan ng inyong pag-aaral. Hindi mo lamang matutuhan ang mga ito, kundi magkakaroon ka rin ng sapat na kaalaman at kasanayan kung paano gawin o isulat ang mga ito.

1. Abstrak
2. Sintesis/Buod
3. Bionot
4. Panukalang Proyekto
5. Talumpati
6. Agenda/Memorandum
7. Katitikan ng pulong
8. Posisyong Papel
9. Replektibong Sanaysay
10. Pictorial-Essay
11. Lakbay-Sanaysay

## ***Suriin***

**Panuto: PAGSAGOT SA MGA KATANUNGAN:** Basahin ang mga katanungan mula sa paksang tinatalakay at sagutin ito.

*1.* Paano makakatulong ang pagkamalikhain at mapanuring pag-iisip sa isang mag-aaral ng *senior high?*

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Sa isa hanggang tatlong pangungusap, ipaliwanag ang pagkakaiba ng akademik sa di-akademik na gawain.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Maaari bang gawin sa loob ng akademiya ang mga gawaing di-akademiko at mga gawaing akademiko sa labas ng akademiya? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa na magpapatunay nito.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Gaano kahalaga ang pagsunod sa mga katangiang dapat na taglayin sa pagsulat ng akademikong sulatin? Ipaliwanag.

____________________________________________________________

____________________________________________________________


____________________________________________________________

5. Ano-ano ang sinasanay sa Akademikong Pagsulat?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________




## *Pagyamanin*

**Panuto: PAGPILI NG KURSO:** Sabihin mo ang pinakagusto mong kurso o bokasyon na interesado kang pasukin sa kolehiyo o gawing karera. Hal. Inhenyero ,Edukasyon,Medisina at iba pa. Magsaliksik sa libro at internet o magsagawa ng panayam tungkol dito. Gawin ang sumusunod. Isulat sa bondpaper.

1. Gumawa ng isang glosaryo na may 20 salita ng mga konsepto o terminolohiyang ginagamit sa napiling larangan.

2. Lagyan ng kahulugan ang bawat aytem.



## *Isaisip*

**Panuto : IPABATID SA BAWAT LETRA** sa akrostik ang lagom ng aralin sa akademikong sulatin.

(Ang **akrostik** ay isang tula o iba pang uri ng kasulatan kung saan ang **unang titik ng bawat linya ay bumubuo ng espesyal na salita o mensahe.)**

A

K

A

D

E

M

I

K

O

## *Isagawa*

**Panuto : PAGBUO NG VIDEO ,TARPAULIN,DROWING** :Bumuo ka ng video, tarpaulin, o drowing kaya na may layong kumbinsihin ang mga kaklase mo upang kunin din nila ang kursong napili mo. Gawin mo itong malikhain at masining.

# Tayahin

**Panuto:**

**A. PAGPAPALIWANAG:** Sumulat ng isang paliwanag ukol sa katanungan. (10 puntos.) Bakit mahalaga ang paggamit ng akademikong Filipino sa pagsulat? Ano-ano ang kabutihang dulot nito.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

**B. PAGTUKOY SA AKADEMIKONG SULATIN** Suriin ang mga halimbawa ng akademikong sulatin upang magkaroon nang mas malinaw na konsepto at kaalaman ukol sa pormat sa pagbuo .Piliin ang titik ng tamang sagot sa kahon.

| |
|---|
| A. Panunuring Pampanitikan<br>B. Bibliyogarapiya<br>C. Tesis<br>D. Artikulo<br>E. Konseptong papel<br>F. Pamanahong papel<br>G. Disertasyon<br>H. Pagsasaling-wika<br>I. Aklat<br>J. Abstrak |

_____1. Sa Ingles ay tinatawag na term paper na karaniwang ginagawa sa kolehiyo. May ilang nasa sekondaryang antas ang maaaring nakaranas na ring makagawa ng ganitong sulatin. Ginagawa ito para sa pangangailangang pang akademiko.

_____2. Panimulang pag-aaral o proposal, ito ay kabuuan ng ideyang nabuo mula sa isang balangkas o framework.

_____3. Ito ay sulating may kinalaman sa pananaliksik at pagtuklas ng isang manunulat. Ginagawa ito ng isang indibidwal bilang pangangailangan sa kursong pinag-aaralan o propesiyonal na kwalipikasyon. Ito ay ginagamit na bahagi ng kursong Batsilyer at Masterado.

_____4.Isang pormal na sulatin ukol sa isang paksa na ginagawa para sa titulong doktor.

_____5. Pagsusuri ng isang panitikan sa mas malalim na ideyang nais ihatid ng manunulat.

_____6. Mga pahayag, ideya, o ilang uri ng panitikang na sa isang wika ay ihahayag sa ibang anyo ng wika.

_____7.Kalipunan ng mga kaalaman para sa kapaki-pakinabang paghahatid ng karunungan

_____8. (Maaaring pahayagan, magasin, at iba pa). Ito ay sulating naghahatid ng iba't ibang impormasyon na may kinalaman sa iba't ibang paksa gaya ng

mga nangyayari sa ating lipunan, kalusugan, isports, negosyo, at iba pa.

____9. Ang kasaysayan, pagkilala o paglalarawan ng mga nasulat o sulatin o pablikasyon. Kasama rin ang posisyong papel, sintesis, bionote, panukalang proyekto, talumpati, katitikan ng pulong, replektibong sanaysay, agenda, pictorial essay, lakbay-sanaysay at abstrak.

____10. Uri ng paglalagom na karaniwang ginagamit sa pagsulat ng mga akademikong papel tulad ng tesis, papel na siyentipiko at teknikal ,lektyur, at mga report.

# ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:**

**PAG-ARALAN ANG GINAWANG PANIMULANG PANANALIKSIK SA URI NG PAGLALAGOM:** Sa iyong nagawang panimulang pananaliksik tungkol sa mga uri ng paglalagom. Alin dito ang sa palagay mong kadalasang ginagawa ng mga mag-aaral. Bakit?

## Lagom

Ang *pagsusulat* ay isa sa mga makrong kasanayang dapat mahubog sa mga mag-aaral. Ayon kay Cecilia Austera et al. (2009), may-akda ng *Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2009*) ang pagsusulat ay isang kasanayang naglulundo ng kaisipan at damdaming nais ipahayag ng tao gamit ang pinakaepektibong midyum ng paghahatid ng mensahe, ang wika. Ayon naman kay Edwin Mabilin et al. sa aklat na *Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2012),* ito ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan. Sa pamamagitan ng pagsusulat , maisatitik ang nilalaman ng isipan, damdamin , paniniwala , at layunin ng tao sa tulong ng mga salita ,ayos ng pangungusap sa mga talata hanggang sa mabuo ang isang akda o sulatin.

Ayon naman kay Mabilin, sa kanyang aklat na Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino (2012), ang layunin sa pagsasagawa ng pagsulat ay maaaring mahati sa dalawang bahagi. Una, ito ay maaaring *personal o ekspresibo* kung saan ang layunin ng pagsulat ay nakabatay sa pansariling pananaw, karanasan, naiisip o nadarama ng manunulat. Pangalawa, ito ay maaari namang maging *panlipunan o sosyal* kung saan ang layunin ng pagsulat ay ang makipag-ugnayan sa ibang tao o sa lipunang ginagalawan. Ang ibang tawag sa layuning ito ng pagsusulat ay transaksiyonal.

Totoong hindi madali ang pagsusulat para sa maraming tao, ngunit ito ay maaaring mahubog at malinang.Upang mangyari ito, mahalaga ang pagkakaroon ng interes at ng wastong kaalaman kung paano magiging isang

mahusay na manunulat. Kaya't maaari mong alamin ang kahalagahan o ang mga benepisyo na maaaring makuha sa pagsusulat. Upang mabatid ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagsusulat, nairyan ang mga gamit at uri ng pagsusulat na makatulong sa bawat mag-aaral.

Kung ihahambing sa malikhaing pagsulat, ang akademikong pagsulat ay *nangangailangan ng mas mahigpit na tuntunin* sa pagbuo ng sulatin. Mayroon itong isang paksa na may magkakaugnay na mensahe. Maayos na inihahanay ang mga pangungusap, talata, upang maging malinaw ang pagkakabuo ng mga ideya at paliwanag ng mga ito. Ang karaniwang estruktura ng isang akademikong sulatin ay may simula na karaniwang nilalaman ng introduksiyon, gitna na nilalaman ng mga paliwanag, at wakas na nilalaman ng resolusyon, kongklusyon, at rekomendasyon. Ilan sa mga halimbawa ng akademikong teksto ang abstrak, bionote, talumpati, panukalang proyekto, replektibong sanaysay, sintesis, lakbay-sanaysay, synopsis, at iba pa.

Ang pagbuo ng akademikong sulatin ay *nakadepende sa kritikal na pagbasa* ng isang indibidwal (Arrogante et al. 2007). Kinikilala sa ganitong uri ng pagsulat ang husay ng manunulat dahil may kakayahan siyang mangalap ng mahahalagang datos, mag-organisa ng mga ideya, lohikal mag-isip, mahusay magsuri, marunong magpahalaga sa orihinalidad ng gawa, at may inobasyon at kakayahang gumawa ng sintesis. Sa pagsulat ng sulating pang-akademiko, gumagamit ng piling-piling salita at isinasaalang-alang ang target na mambabasa. Mahigpit din sa paggamit ng tamang bantas at baybay ng salita dahil ang mga sulating ito ay nakatuon sa pagbibigay ng kaalaman.

# Pangwakas na Pagtataya

Panuto: Alamin natin kung gaano na ang lawak ng iyong kaalaman sa nilalaman ng modyul na ito. Sagutin mo ang lahat ng aytem. Piliin ang letra ng tamang sagot.

____1.Alin sa mga makrong kasanayang ang hindi *kapangkat;/kasama* na madalas ang isang indibidwal na gumagawa nito ay kumukuha o nagdaragdag ng mga kaalaman sa kanyang isipan.

A.Pakikinig B.Pagbabasa, C.Panonood D.Pagsulat

____2.Ang ibang tawag sa layuning ito ng pagsusulat ay transaksiyonal. Ginagawa ang mga sulating ito taglay ang isang tiyak na layunin at ito ay walang iba kundi ang layuning makipag-ugnayan sa tao o sa lipunan. Alin sa mga halimbawa ang hindi *kapangkat/kasama* ng transakyonal?

A.kwento B.pananaliksik C.sulating panteknikal D.balita

____3.Isa itong intelektwal na pagsulat . Ang gawaing ito ay nakakatulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larangan. Ayong kay Carmelita Alejo et.al. Layunin nitong ipakita ang resulta sa pagsisiyasat o ng isang ginawang pananaliksik.

A.Malikhain B.Teknikal C.Akademiko D.Reperensyal

____4.Sulating may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa akademya o paaralan. Sulatin ito hinggil sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao. Halimbawa sa guro , pagsulat ng lesson plan , paggawa at pagsusuri ng kurikulum, para sa doctor o nars paggawa ng medical report , narrative report tungkol sa physical examination sa pasyente at iba pa.

A.Malikhain B. Propesyonal C.Dyornalistik D. Teknikal

______5Ang pagkakaroon ng isang tiyak at maganda na tema ng isusulat ay isang magandang simula dahil dito iikut ang buong sulatin. Kailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksang isusulat upang maging makabuluhan, at wasto ang mga datos na ilalagay sa akda o komposisyong susulatin.

A.Paksa C.Layunin
B Wika D.Pamamaraan ng Pagsulat

____6.Taglay ng manunulat ang kakayahang mag-analisa upang masuri ang mga datos na mahalaga o hindi na impormasyon na ilalapat sa pagsulat. Kailangang makatuwiran ang paghahatol upang makabuo ng malinaw at mabisang pagpapaliwanag at maging obhetibo sa sulating ilalahad.

A.Paksa C.Layunin
B Wika D.Kasanayang Pampag-iisip

____7.Ang pangunahing layunin nito ay magbigay ng bagong impormasyon o kabatiran sa mga mambabasa.

A.Naratibo B.Ekspresibo C.Impormatibo D.Argumentatibo

______8.Ang pangunahing pakay ng pagsulat ay maglarawan ng katangian, anyo, hugis ng mga bagay o pangyayari batay sa mga nakikita, naririnig, natunghayan, naranasan at nasaksihan.Ito'y maaaring obhitibo at subhetibo.

A.Argumentatibo C.Ekspresibo
B.Naratibo D.Deskriptibo

____9.Nililinang dito ang mga kasanayan at natutuhan ang mga kaalamang kaugnay ng larangang pinagkakadulubhasaan . Kasanayan sa pagbasa ,pakikinig, pagsasalita ,panonood ,at pagsulat ang napauunlad sa pagsasagawa ng mga gawain sa larangan. Analisis ,panunuring kritikal , pananaliksik , at eksperimentasyon ang mga isinasagawa rito.

A.opisina C.librari
B.akademiya D.entablado

____10.Mahalaga ang tunay at pawang katotohanan na mga impormasyon. Iwasan ang mga pahayag na batay sa aking pananaw o ayon sa aming haka-haka o opinyon.
A.Obhetibo C.Maliwanag at Organisado
B.Pormal D.May Paninindigan

____11.Ito ay isang kasanayang naglulundo ng kaisipan at damdaming nais ipahayag ng tao gamit ang pinakaepektibong midyum ng paghahatid ng mensahe ,ang wika.
A.Pakikinig C.Pagsasalita
B.Pagbabasa D.Pagsusulat

_________12..Ayon sa kanya sa kanyang aklat na *"Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino "(2012)* ,Ang Pagsusulat ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang nais niyang ipahayag sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan.
A.Cecilia Austera et.al. C.Dr.Eriberto Astorga Jr.
B.Royo D.Edwin Mabilin et al.

_____13.Sa Ingles ay tinatawag na term paper na karaniwang ginagawa sa kolehiyo. May ilang nasa sekondaryang antas ang maaaring nakaranas na ring makagawa ng ganitong sulatin. Ginagawa ito para sa pangangailangang pang-akademiko.
A.Pamanahong papel C.Konseptong papel
B.Tesis D. Artikulo

______14.Ito ay sulating may kinalaman sa pananaliksik at pagtuklas ng isang manunulat. Ginagawa ito ng isang indibidwal bilang pangangailangan sa kursong pinag-aaralan o propesiyonal na kwalipikasyon. Ito ay ginagamit na bahagi ng kursong Batsilyer at Masterado.
A.Posisyong Papel C.Konseptong papel
B.Tesis D. Artikulo

____15. Ang paglalarawan kung ang manunulat ay maglalarawan ng napakalinaw at halos madama na ng mambabasa subalit ang paglalarawan ay nakabatay lamang sa kanyang mayamang imahinasyon at hindi nakabatay sa isang katotohanan sa totoong buhay.
A.Obhetibo C.Subhetibo
B.Estruktura D.Anyo

# Susi sa Pagwawasto

Panimulang Pagtataya (iii-iv)

1.D
2.A
(paliwanag)______________
3.C
(paliwanang)____________
4.B
(paliwananag)___________
5.A
6.D
7.C
8.D
9. B
10.A
11.D
12.D
13.A
14.B
15.C

Aralin 1:
Subukin (p.1)

1.TAMA
2.MALI
3.MALI
4.TAMA
5.TAMA

Aralin 1
Pagyamanin (pp.4-5)

1.F

Aralin 1
Tayahin (p.6 )

1.TAMA
2.MALI
3. TAMA

Aralin 2
Subukin (p.9)

A.
1.C
2.G
3.B
4.E
5.A

B. (p.10)
6. F
7.A
8,C
9.B
10.E

Aralin 2
Balikan (p.10)

1.Obhetibo -pagpapaliwanag
1.Subhetibo -pagpapaliwanag
1.Obhetibo -pagpapaliwanag

Suriin B (p.13)
1.Malikhain
2.Propesyonal
Dyornalistik
4.Reperensyal
5.Akademiko

Aralin 2
Isaisip (p.14)

1.E
2.D
3.B
4.C
5.A

Aralin 2
Tayahin (p.16)

1.Naratibo
2.deskriptibo
3.Impormatibo

Aralin 3
Subukin (p.19)

A.

1.May paninindigan
2.Maliwanang at organism
3.Pormal
4.May pananagutan
5.Obhetibo

B.

| Akademiko | | Di-Akademiko |
|---|---|---|
| | Layunin | |
| 5 | | 2 |
| | Paraan/Batayan ng Datos | |
| 7 | | 9 |
| | Audience | |
| 3 | | 6 |
| | Organisasyon ng ideya | |
| 4 | | 8 |
| | Pananaw | |
| 10 | | 1 |

Aralin 3
Tayahin (p.26)

1.F
2.E
3.C
4.G
5.A
6.H
7.1
8.D
9.B.
10 J

# *Sanggunian*


Ailene Baisa-Julian et.al Pinagyamang Pluma Filipino sa Piling Larangan (Akademik )Phoenix Publishing 2016

Pamela C.Constantino et.el Filipino sa Piling Larangan (Akademik)Rex Book Store 2016 Edition

Dayag, Alma M., et al. Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Quezon City, Phoenix Publishing House, Inc. 2016

Corazon L. Santos ,PhD et.al Filipino sa Piling Larang (Akademik)Kagamitan ng Mag-aaral Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon Republika ng Pilipinas

DepEd CDO SHARED Options Learning Activities

**Internet Sites**

- ✓ *( www.oxforddictionaries.com)*
- ✓ https://brainly.ph/question/1563464
- ✓ https://www.academia.edu/10450127/KABANATA_2_Mga_Kaugnay_na_Literatura at_Pag-aaral
- ✓ https://buzzflare.com/ph/2019/10/24/sana-all-preskripsyon-ng-doktor-na-may-magandang-penmanship-hinangaan-ng-marami
- ✓ https://www.studocu.com/ph/document/university-of-the-cordilleras/komunikasyon-sa-akademikong-filipino/mandatory-assignments/karanasan-ng-isang-batang-ina-isang-pananaliksik/5585821/view
- ✓ https://covid19.healthypilipinas.ph/faqs/treatment-of-symptoms-and-recovery-from-covid19?topic=paano-gamutin-ang-covid-19&lang=tl

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:
Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR) DepEd Division of Cagayan de Or
Fr. William F. Masterson Ave Upper BalulangCagayan de Oro Telefax:((08822)855-0048
E-mail Address: